



# Gabay sa Pagpili ng mga Fair Trade Premium Participants sa Ilalim ng APS

## Fair Trade USA

Bersyon 1.0.0

### A. Panimula

Ang Fair Trade Premium Participants, o Premium Participants ay mga magsasaka, manggagawa, at/o miyembro ng isang kooperatiba na may kakayahang magtalaga ng mga miyembro sa isa o higit pa na Fair Trade Committee upang mamahala sa paggamit ng Premium. Ang mga kalahok or Premium Participants at pamilya nito ang pangunahing benepisyaryo ng Fair Trade Premium at sila ay bumoboto upang aprubahan ang paggamit ng Fair Trade Premium. Ang mga indibidwal na kasapi sa grupo ay maaring magkakaiba ng kategorya depende sa laki at lokasyon ng sakahan na nakasaad sa kanilang Sertipiko.

### B. Layunin

Ang gabay na ito ay naglalaman ng mga hakbang sa pagtukoy sa saklaw ng Fair Trade Premium Participants. Ang mga pamantayan sa kung sino ang dapat at maaring maging kasapi bilang Fair Trade Premium Participant ay nakasaad sa pambungad na salita sa Modyul 1 ng Pamantayan sa Produksiyong Pang-Agrikultura o APS (Agricultural Production Standards). Ang dokumentong ito ay nagbibigay linaw at mga halimbawa upang matulungan ang mga May Hawak ng Sertipiko upang mahusay na matukoy ang mga sakop o saklaw ng Premium Participants. Ang mga aplikante ay maaring makipatulungan sa mga empleyado ng Fair Trade USA Supply Chain upang maseguro na lahat ng mga indibidwal ay mapapasama sa grupo ng Premium Participants.

### C. Saklaw at Gamit

Ang gabay na ito ay angkop para sa lahat ng mga May Hawak ng Sertipiko na na-sertipikahan sa ilalim ng APS ng Fair Trade USA.

### D. Mga Kaugnay na Dokumento

- Pamantayan sa Produksiyong Pang-Agrikultura, Bersyon 1.0.0
- Mga Kailangan para sa Sertipiko sa Ilalim ng APS
- Gabay para sa Saklaw ng Sertipiko



## 1. Takdang Panahon sa pagtukoy sa mga Premium Participants

Bago tukuyin ang mga Fair Trade Premium Participants, ang mga May Hawak ng Sertipiko ay kailangang alamin ang mga lugar at mga grupo ng indibidwal na maaring makasama sa saklaw ng Sertipiko. Ang mga impormasyon sa lugar at mga aktibidad na dapat at maaring isama sa saklaw ng Sertipiko ay matatagpuan sa mga dokumentong “Mga Kailangan para sa Sertipiko sa ilalim ng patakaran ng APS” at “Gabay sa Saklaw ng Sertipiko”. Kapag natukoy na ang mga lugar na kasapi, ang mga indibidwal na bubuo sa Premium Participants para sa bawat lugar ay maari nang matukoy.

Gaya ng mga lugar na sakop o saklaw ng Sertipiko, ang mga Premium Participants ay pinipili sa panahon ng aplikasyon at inaaprubahan ng Fair Trade USA bago ang inisyal na audit. Tuwing may madaragdag na lugar sa Sertipiko, kailangan ding tukuyin ang mga tao na maaring lumahok bilang Premium Participant. Ang ibang mahahalagang pagbabago sa saklaw ng Sertipiko o kabuuan ng uri ng manggagawa ay maaring mangailangan ng pagbabago sa mga grupo na kasapi bilang Premium Participants gaya ng pagbabago sa paggamit ng mga kinontratang manggagawa o pag-restructure ng pamamamahala sa mga manggagawa.

Dagdag dito, sa paglipas ng panahon, ang May Hawak ng Sertipiko ay dapat isaalang-alang ang pagsasabayos sa mga grupo na kasapi bilang Premium Participants ayon sa halaga ng kanilang Premium na natatanggap. Halimbawa, kung ang mataas na halaga ng Premium ay naiipon, ang May Hawak ng Sertipiko ay dapat isaalang-alang ang pagdadagdag ng iba pang Premium Participants gaya ng mga manggagawa sa packhouse na dating hindi kasapi.

## 2. Buod ng mga Kailangan sa Pagiging Premium Participants ayon sa Laki

Ang sumusunod na talaan ay ang buod ng mga grupo ng mga indibidwal na dapat ay laging kasapi bilang Premium Participants, mga maaring maging kasapi, at ang mga hindi maaring maging kasapi kailanman. Note: Ang laki ng sakahan ay nakasaad sa Panimula ng APS.

	Small Farms o Facilities	Mid-sized Farms or Facilities	Large Farms or Facilities
<b>Permanenteng Manggagawa</b>	Kailangan	Kailangan	Kailangan
<b>Di-permanenteng Manggagawa</b>	Opsyonal	Kailangan	Kailangan
<b>Facility Workers</b>	Opsyonal	Opsyonal	Opsyonal
<b>Namamahala ng Sakahan (Farm Managers)</b>	Kailangan	Opsyonal	Hindi kailanman
<b>Mangangalakal, taga-kalap ng produkto, at facility managers</b>	Opsyonal	Opsyonal	Hindi kailanman

### 2.1. Mga Indibidwal na DAPAT ay laging kasali bilang Premium Participants:

1. Lahat ng manggagawa (permanente o hindi) sa Katamtamang Laki at Malaking Sakahan.
2. Lahat ng permanenteng manggagawa sa Maliliit na Sakahan.
3. Tagapamahala ng bawat Maliit na Sakahan na saklaw ng Sertipiko.



## 2.2. Mga Indibidwal na MAARING isama sa grupo ng Premium Participants:

Ang May Hawak ng Sertipiko ay maaring magdagdag ng mga kalahok sa grupo ng Fair Trade Premium Participants, halimbawa:

1. Mga manggagawang nag-aasikaso o nagtatanim ng mga produktong Fair Trade na hindi sakop ng Premium Participants na unang nabanggit, halimbawa nito ay ang mga di-permanenteng manggagawa sa mga Maliliit na Sakahan o nagtatrabaho sa mga processing facilities at mga packhouse na saklaw ng Sertipiko.
2. Tagapamahala ng Katamtamang Laki na Sakahan.
3. Maliliit at Katamtamang Laking Mangangalakal, taga-kalap ng produkto, at mga tagapamahala ng pasilidad na tumutulong na mapabuti ang mga produktong Fair Trade o masiguro na nakararating ang mga produkto mula sakahan hanggang sa May Hawak ng Sertipiko.

## 2.3. Mga Indibidwal na Maaring HINDI isama sa grupo ng Premium Participants:

1. Lahat ng tagapamahala ng mga malalaking lugar kasama na ang sakahan, mga pasilidad, mangangalakal, at tagakalap ng produkto.
2. Mga tauhang hindi kwalipikado bilang manggagawa, kasama na ang middle at senior management at mga recruiter.

## 3. Mga Manggagawa Bilang Premium Participants

### 3.1. Sino ang kwalipikado bilang manggagawa

“**Manggagawa**” ang tawag sa mga tauhan sa mga sertipikadong lugar, maging permanente man o hindi, full time o part time, direct-hire o kinontrata. Hindi kasama dito ang middle at senior management, at tanging mga tauhan lamang na maaring sumapi sa mga unyon.

Ang mga junior na mga tagapamahala o managers na may katulad na sweldo o gumagawa ng kawangis na trabaho ng production line o farm workers ay kabilang sa kategorya ng manggagawa, at dapat kasapi bilang Premium Participants.

Ibig sabihin nito, lahat ng manggagawa sa sakahan maging mga taga-ani ay palaging kasali bilang Premium Participants. Ang ibang tauhan na nagtatrabaho sa sakahan na hindi

nagkakalayo ang mga sweldo o kita gaya ng crew leaders at ibang tagapamahala ay kasali rin.



Ang mga middle hanggang senior management, inhinyero, agronomist, at kahit anong recruiter na hindi nagta-trabaho sa sakahan ay maaring hindi isali bilang Premium Participants. Ang mga nasabing indibidwal ay karaniwang hindi nagtatrabaho sa sakahan at kumikita ng mas malaki. Kung saan kasapi ang mga facility workers bilang Premium Participants, parehong panuntunan din ang susundin kung sino ang dapat at hindi dapat isali sa grupo. Kabilang na rin dito ang mga sumasahod nang mas mataas na mga tagapamahala o kung ang trabaho ay sa quality assurance.

## 3.2. Aling Uri ng manggagawa ang kasama bilang Premium Participants

### 3.2.1 Uri ng Tungkulin

Ang mga manggagawa lamang na may regular na trabaho sa production chain ang kailangang maging kasapi bilang Premium Participants.

Kabilang sa **regular na trabaho sa production chain** ay ang serbisyo na ginagawa bawat taon na may kinalaman sa produksyon o pagbabagong-anyo kahit hindi ito produkto ng Fair Trade. Kabilang dito, ngunit hindi limitado, sa lahat ng gawain sa pag-aani, pag-i-ispray, paglilinis at pag-aayos ng mga kagamitan o pasilidad sa sakahan. Hindi kasama dito ang mga panandaliang proyektong labas sa produksyon tulad ng espesyal na konstruksyon.

Ang layunin sa hakbang na ito ay upang ang lahat ng manggagawa na magkatulad ang trabaho o tumatanggap ng katulad na sahod at benepisyo ay maging pantay ang pagtrato anuman ang kanilang direktang partisipasyon sa produktong Fair Trade. Kung ang isang sakahan ay may maraming bukid, at isa lang sa mga ito ang may produktong Fair Trade, o isa lang aspeto ng pagpoproseso ng produktong Fair Trade, lahat ng manggagawa sa buong sakahan na iyon ay kailangan pa ring maisama bilang Premium Participants, hindi lamang ang mga direktang gumagawa ng mga produktong Fair Trade.

**Karagdagang tauhan na maaring maging manggagawa** na hindi naman kinakailangang kasama sa paggawa ng regular na trabaho sa production chain ay maaring isama. Halimbawa nito ay ang mga empleyado sa opisina na mas mababa ang posisyon na tumatangap ng sahod at benepisyo na katulad ng sa mga field workers.

Ang mga **facility workers**, yaong mga nag-eempake, nagpoproseso, o gumagawa ng ibang pang operasyon na kasama sa transpormasyon ng mga produktong Fair Trade ay maaring isama.

Gayunpaman, kung ang mga pasilidad sa pagpoproseso ay nasa parehong lugar kung saan ang taniman at anihan ay nagaganap, ang mga facility workers at mga manggagawa ay nakatira sa parehong lugar, o sa sitwasyong ang mga manggagawa ay hinahati ang kanilang oras sa pagtanim at pagpo-proseso, inirerekomenda na lahat ng mangagawang sangkot sa pagpo-proseso ay isama bilang Premium Participants.

### 3.2.2. Uri ng Kontrata

Ang mga **permanenteng manggagawa** sa lahat ng uri ng sakahan ay kailangang isama bilang Premium Participants. Kasama sa mga permanenteng manggagawa ay ang mga nagtatrabaho sa buong taon na maaaring full-time o part-time.

Ang mga **di-permanenteng manggagawa** sa mga Katamtamang laki at Malalaking sakahan ay kailangang kasapi bilang Premium Participants pero opsyonal na isali ang mga nasa Malilit na sakahan.




Ang mga di-permanenteng manggagawa ay mga nagtatrabaho sa limitadong panahon dahil sa pabagobagong pangangailangan sa kanilang kasanayan sa loob ng isang taon.

## 4. Mga Tagapamahala ng Sakahan bilang Premium Participants (Maliit at Katamtamang laki na sakahan)

### 4.1. Sino ang tagapamahala sa sakahan?

Ang tagapamahala ng sakahan o farm manager ay siyang nagdedesisyon sa pang araw-araw na operasyon ng sakahan -- siya ang magsasaka na maaaring kumita o malugi dahil sa mga pagbabago ng presyo at ani. Hindi sya empleyado. Hindi kinakailangang siya ang may-ari ng lupang sakahan, maaring siya ay umuupa lamang o sharecropper. Ang intensyon nito ay ang maliit na magsasaka (hindi ang may-ari ng lupa na nasa ibang lugar) ang siyang aktibong nagdedesisyon tungkol sa paggamit ng Fair Trade Premium. Ang isang may-ari na hindi nagsasaka ng kanyang lupa dahil sa kapansanan (mental o pisikal), maraming ibang gawain sa bahay o sa pangangasiwa ng ibang grupo ay maari pa ring makilahok bilang "Premium Participant" kung sila ang nagdedesisyon sa kanilang sakahan.

Karaniwang ang bawat isang maliit na sakahan ay may isa lamang ang kwalipikadong sumali bilang Premium Participant, may mga ilang pagkakataon na may higit sa isa itong kinatawan. Halimbawa, kung ang may-ari at ang kanyang kasosyo ay magkatuwang sa pagsasaka, sila ay kailangang kasama bilang mga Premium Participants.



## 4.2. Aling mga Tagapamahala ng sakahan ang kasama bilang Premium Participants

Ang tagapamahala ng bawat Maliit na Sakahan na sakop ng Sertipiko ay **dapat** kasama bilang Premium Participant. Karagdagang mga tagapamahala ng Maliit at Katamtamang Laki na sakahan ay maaring isama ayon sa pagpapasya ng May Hawak ng Sertipiko.

Sa mga kooperatiba na nagtatanim ng produktong Fair Trade at hindi Fair trade, kung saan ilan lamang sa mga miyembro ay sakop ng Sertipiko ng Fair Trade, ang mga miyembro na nagtatanim ng produktong hindi Fair Trade ay **maaring** isama bilang Premium Participants. Ang mga miyembro na nagtatanim ng produktong hindi Fair Trade ay hindi isasailalim sa Fair Trade audit, ngunit ito ay magbibigay daan ito sa kanila upang makinabang sa FairTrade Premium.

Ang mga tagapamahala ng mga Katamtamang laki na sakahan at pasilidad ay maaring mapasama bilang Premium Participants kung angkop o nababagay. Halimbawa, kung ang sertipiko ay binubuo ng grupo ng magsasaka na kabilang sa isang kooperatiba, ang mga miyembro na namamahala ng Katamtamang laki na sakahan ay maaring isama bilang Premium Participants. Kung may mga sakahan o pasilidad na itinuturing na Katamtaman ang laki na may mas kaunting manggagawa at tumatakbo bilang maliit na sakahan, angkop na sila ay isama bilang Premium Participants.

Ang isang tagapamahala ng Katamtamang laki na sakahan na kasapi sa isang grupo na may malaking lupain at may mas maraming manggagawa o nangangasiwa bilang isang malaking lugar o sakahan ay hindi angkop na mapasama bilang Premium Participant. Ang mga tagapamahala ng mga Malalaking lugar ay hindi kailanman maaaring isama.



## 5. Mga Halimbawa ng Case Study (Case Study Examples)

### 5.1. Case Study 1: Malaking packhouse at grupo ng may sariling sakahan

Lahat ng lugar at manggagawa na kasali sa ilalim ng Sertipiko ay kailangang sumunod sa buong requirements ng APS at daraan sa audit.

#### 5.1.1. Mga Lugar na Sakop ng Sertipiko:

**Pasilidad:** Isang malaking packhouse na may hawak na Sertipiko, bumibili ng avocado sa iba't-ibang independienteng manananim bilang “fruit on tree”.


**Sakahan:** May 50 na maliit at 25 na Katamtamang laki na sakahan, sa kabuuang 75 na sakahan, na nagbebenta sa packhouse.

#### 5.1.2. Manggagawa na Sakop ng Sertipiko:

**Manggagawa ng Packhouse:** 250 empleyado, na 225 dito ay line workers. Ang natitirang 25 ay permanenteng nagtatrabaho bilang office at administration staff at managers.

**Manggagawa sa sakahan:** Bawat sakahan ay nag-eempleyo ng mga permanenteng manggagawa. Ang ibang sakahan ay pamilya ang nagpapatakbo at hindi nag-eempleyo ng permanenteng manggagawa (Maliit), habang ang iba ay may hanggang 20 permanenteng manggagawa (Katamtamang laki).

**Taga-ani:** Ang May Hawak ng Sertipiko ay umuupa ng mga pansamantalang tauhan upang mag-ani ng Avocadong Fair Trade sa mga sakahan. Ang mga tauhan ay binubuo ng 125 na taga-ani, 5 superbisor, at isang tagapamahala o manager.






### 5.1.3. Saklaw ng Premium Participants:

Ang tagapamahala ng bawat isa sa 50 Maliliit na sakahan ay kalahok bilang Premium Participants. Ang May Hawak ng Sertipiko ang nagpapasya na hindi isama ang mga tagapamahala ng 25 Katamtamang laki na sakahan, dahil ang mga growers nito ay kumikita nang maayos mula sa industriya ng avocado.

Lahat ng permanenteng manggagawa sa lahat ng 75 sakahan na sakop ng Sertipiko ay Premium Participants. Hindi dito kasama ang mga miyembro ng pamilya na tumutulong sa sakahan nila at hindi sumusweldo dahil sila ay kinakatawan ng mga tagapamahala sa Maliit na sakahan na kasapi bilang Premium Participant.

Lahat ng 125 na taga-ani maging sa Maliit o Katamtamang laki na sakahan ay kasama bilang Premium Participants. Dahil ang mga taga-ani ay inuupahan ng May Hawak ng Sertipiko, sila ay ikinokonsidera na mga di-permanenteng manggagawa ng Malaking sakahan, kahit sila ay nagtatrabaho sa maliit na sakahan o inupahan bilang labor contractor, kaya naman sila ay kailangang maging Premium Participants. Ang limang taga-aning superbisor na sumusweldo nang katulad ng mga taga-ani at nagtatrabaho kasama nila sa sakahan ay kasama rin bilang Premium Participants. Ang tagapamahala ng mga taga-ani ay kumikita nang mas malaki kesa sa mga taga-ani, kaya hindi sila kasama.

Dahil sa ang mga manggagawa sa packhouse ay kumakatawan sa mahalagang bahagi ng production chain at mula sa isang kaparehong komunidad ng mga manggagawa sa sakahan, ang May Hawak ng Sertipiko ay magdedesisyon na isama lahat ng 225 na line workers. Ang mga natirang manggagawa sa packhouse ay di hamak na may mas mataas na sweldo kumpara sa line workers kaya hindi sila kasama bilang Premium Participants.





## 5.2. Case Study 2: Malaking kiskisan at mga independienteng tagapagproseso at sakahan

Lahat ng lugar ang manggawa na kasama sa saklaw ng Sertipiko ay kailangang sumunod sa lahat nang inaatas ng APS at dadaan din sila sa audit.

### 5.2.1. Lugar na Saklaw ng Sertipiko

**Mga Pasiidad:** Isang malaking kiskisan, na siyang May Hawak ng Sertipiko, bumibili ng copra mula sa dalawang independienteng patuyuan at kiskisan at nag-eempake ng copra na pang-export. And dalawang independienteng patuyuan ay bumibili ng niyog mula sa grupo ng independienteng magsasaka.


**Mga Sakahan:** May 1,000 Maliliit na sakahan na nagbibyahe at nagbibili ng niyog sa nasabing dalawang patuyuan.

### 5.2.2. Mga Manggagawa sa Saklaw ng Sertipiko:

**Mga Manggagawa sa Kiskisan:** 125 empleyado, na ang 100 ay line workers. Ang natitirang 25 ay mga permanenteng nagtatrabaho bilang office at administration staff at tagapamahala.

**Mga Manggagawa sa Patuyuan:** Ang bawat patuyuan ay may 15 permanenteng manggagawa na namamahala sa processing line at limang tagapamahala at administrative staff

**Manggagawa sa Sakahan:** Karamihan sa mga sakahan ay pinatatakbo ng pamilya at hindi nag-eempleyo ng permanenteng manggagawa. Ang Iba ay may isa hanggang dalawang permanenteng manggagawa. Karamihan sa mga sakahang ito ay umuupa ng mga di-permanenteng manggagawa upang tumulong sa pana-panahong pag-aani ng mga niyog.



### 5.2.3. Saklaw ng Premium Participants:

Ang tagapamahala ng bawat isa sa 1,000 Maliliit na sakahan ay kalahok bilang Premium Participants. Ang May Hawak ng Sertipiko ang siyang magdedesisyon na hindi isama ang mga tagapamahalala ng pasilidad ng dalawang patuyuan dahil sila ay higit na mas Malaki ang kinikita kaysa sa mga maliliit na magsasaka.

Ang mga permanenteng manggagawa sa lahat ng 1,000 sakahan ay Premium Participants. Hindi kasali dito ang mga miyembro ng pamilya na tumutulong sa sakahan nang libre, dahil sila ay kinakatawan ng tagapamahala ng Maliit na sakahan na isang Premium Participant.

Ang May Hawak ng Sertipiko ay nais na ituon ang pansin ng benepisyong Premium sa mga Maliliit na magsasaka dahil napakalaking hamon ang kumita nang malaki bilang maliliit na magsasaka ng niyog. Sa pagsisimula, ang May Hawak ng Sertipiko ay magdedesisyon na hindi isama ang kahit sinong manggagawa sa processing facility o mga di-permanenteng manggagawa sa Maliliit na sakahan bilang Premium Participants. Ngunit kung ang grupo ay makalikom ng malaking halaga ng Premium sa hinaharap, ang May Hawak ng Sertipiko ay maaring pag-aralan ang pagdagdag sa kanila. Tandaan na ang mga manggagawang ito ay itinuturing na bahagi ng Pagsusuri ng Pangangailangan o Needs Assessment at maari silang makinabang mula sa mga proyektong Premium (tingnan ang 1.2.1.c. ng APS). Hindi sila maaring basta-basta makibahagi sa masugid na pamamahala at pagdedesisyon sa Premium habang hindi pa sila Premium Participants.

